



# Dr. Gomez: Milyong Pilipino mapagagaling ng Medical Cannabis

MATAGAL nang ginagamit ang medical cannabis bilang mabisang gamot pero bakit ayaw pang ipagamit ito sa Pilipinas?

Dito nasentro ang talakayan ginanap noong Araw ng Paggawa, Mayo Uno sa pangunguna ni Dr. Richard Nixon Gomez, general manaher ng Bauertek Corporation na dinaluhan ng maraming media sa print, radio at television at vloggers sa isang restoran sa Quezon City.

Sa medical forum, masayang ibinalita ni Dr. Gomez na malapit nang maisabatas ang pagagamit ng medical cannabis, kilala sa tawag na marijuana (MJ) bilang halamang gamot sa maraming karamdaman.

May sariling laboratoryo ang Bauertek

sa Bulacan at sa oras na maisabatas at maging legal, handang-handa na ang Bauertek na gumawa ng mga gamot mula sa medical cannabis.

Sabi ni Dr. Gomez kung maging legal na ang medical cannabis, matutulungan na magamot ang isang milyong Pilipinong may sakit.

Aniya, totoong malapit nang maisabatas ang paggamit ng medical cannabis.

Ito, sabi ni Dr. Gomez ay dahil sa maraming politiko, mga opisyal ng gobyerno at mga kilalang personalidad na naniniwalang ang medical cannabis ay magagamit na gamot sa maraming maysakit na Pilipino.

"Meron na tayong laboratoryo na kung saan ipoproseso ang marijuana para gawing medical

cannabis," sabi ni Dr. Gomez

Noong 2019, lumabas sa ilang pahayagan na mismong si dating Presidente at ngayon ay Senior House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo ay umamin na gumaling sa paggamit ng medical cannabis.

Nakaramdam ng ginhawa at nawala ang kirok sa cervical spine ni Gng. Arroyo nang layan ito ng pain patch na medicinal marijuana.

Gayunman, nilinaw na ginawa ito sa ibang bansa na pinapayagang gamiting gamot ang medical cannabis.

Hindi ginawa ang paggamot ng pain patch na medicinal marijuana kay Gng. Arroyo dahil ito ay ibinabawal sa Pilipinas.

Nabatid na naniniwala si Gng. Arroyo na maraming mapagagaling

**BANTAY BALITA**  
NEWS PUBLISHING SERVICES  
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 31 10.00 MAY 1 - MAY 7, 2023

## Amyenda sa MDT, iminungkahi ni Sen. Tolentino

### Teritoryo sa WPS, dapat ding iklaro

ang medical cannabis kaya isa siya sa may-akda ng panukala sa Kamara na gawing legal ang medical cannabis sa Pilipinas.

Mga panauhin sa ginanap na medical forum sina: Dr. MacGerald Cueto, associate professor, UERM, Memorial Center Inc., Doc-Atty. Leo Olarte, dating President Philippine Medical Association, Dr. Gem Mutia, Founder, Philippine Society of Cannabinoid Medicine.

Sa forum, ipinaliwanag ni Dr. MacGerald Cueto, isa ring bihasang acupuncturist na mabisa ang acupuncture sa pain management.

Gumagamit ng manipis na karayon sa **Sundan sa pahina 2**

KAILANGAN at ngayon ang tamang panahon para amendahan ang Konstitusyon at isama ang iba pang isla at bahura (reef) sa West Philippine Sea (WPS) sa teritoryong nasasakop sa tinatawag 'sovereign rights' ng Pilipinas.

Sa isang radio interview, iminungkahi ni Cavite Sen. Francis Tolentino na dapat nang

remedyuhan sa pamamagitan ng batas ang malinaw at klarong mga lugar at teritoryo ng bansa, kaugnay ng umiiral na 1951 Mutual Defense Treaty (MDT) ng Pilipinas at Estados Unidos (USA).

Wika ni Tolentino sa interbyu: "Kung ako po ang mag-aamendya nito. . . hindi lamang sa metropolitan territory, sa land mass island territory (ng Pilipinas) sa Pacific Ocean, mayroon pang iba. Kung liliwanagin po iyan, pwede pong idagdag: where it exercises sovereign rights."

Iginigiit ng China na ang mga isla at bahura sa WPS -- na ipinangalan nito na South China Sea (SCS) ay nasasakop ng kanilang teritoryo kaya lalong umiinit ang tensiyon sa madalas na komprontasyon ng Chinese Coast Guard (CCG) at Philippine Coast Guard (PCG).

Nitong lang, ang ilang lokal at dayuhang mamamahayag na sakay ng nagpapatruyang PCG vessel ang muntik nang makabangga ang mas malaking barko ng CCG

**Sundan sa pahina 2**



Mayor Denver CHUA

**Tulong pinansiyal sa mga biktima ng sunog sa Quadra P2**

## US-PH SOCIETY VOWS GREATER COOPERATION IN PH ECONOMY, DEV'T INITIATIVES

AN organization of prominent Filipino and American civic and business leaders on Tuesday, May 2 vowed for greater cooperation and partnership in the development and economy of the Philippines.

The United States-Philippines Society, (USPS) co chaired by US Ambassador John D. Negroponte, made the commitment following the group's meeting with President Ferdinand R. Marcos Jr. in Washington.

Negroponte said the Philippine leader's visit to

Washington last Monday, May 1 laid the framework for the commitment of the group to support Manila.

"(The) President's visit... sets the table for our work, of US-Philippine Society in the months and years ahead, thank you for that," Negroponte told President Marcos.

Also known as The Society, the USPS is a non-profit, bi-national organization of prominent civic and business leaders of the US and the Philippines.

Former ambassador Negroponte co chairs The

Society with prominent Filipino businessman Manuel V. Pangilinan.

The Society was organized in May 2012 is a strong partner of the Philippine Embassy in Washington, D.C. in organizing events that highlight the robust relations between the Philippines and the United States in promoting security, economic, cultural and social interests.

Marcos, for his part, talked about his meeting with US President Joe Biden, particularly on how Manila and Washington



President MARCOS Jr.

could work together to further expand and deepen cooperation in various areas that would be mutually beneficial to the Filipino and American people. **See page 2**

**Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort P12**

# Tulong pinansiyal sa mga biktima ng sunog sa Quadra

UPANG mabilis na makapag-umpisa uling makapagpagawa ng bahay, dalawang araw matapos ang sunog sa Quadra, Cavite City, nagkaloob ng P30,000 ang pamahalaang lungsod ng Cavite sa 642 pamilya.

Ito ang ibinalita ni Mayor Denver Reyes Chua sa kanyang social media page. kasunod ang mabilis na aksyon upang magawa ang tulay at koneksiyon ng koryente at linya ng tubig sa lugar.

Malungkot na binanggit ng alkalde may ilang tao na sa halip na

tumulong ay nagsasamantala pa sa trahedya ng kapwa.

Sabi ni Mayor Chua may mga taong hindi naman biktima ng sunog ay sinusubukang kunin ang tulong para sa mga totoong biktima ng sunod.

"Iba naman ay pinipilit na makakuha ng tulong pinansiyal kahit meron ng nakakuha sa kanila o doble doble na. Ito ang nagiging dahilan kaya kailangan mai-validate maige ang mga nagpalista upang maiwasan ang gawain ng mga mapagsamantalang

ilan," sabi ng alkalde.

Sabi pa ni Mayor Chua, sisiguraduhin niya na ang mga di pa nakatatanggap ng tulong pinansiyal ng mga totoong nasunugan ng bahay ay makakukuiha ng tulong.

Ang kailangan lamang, sabi ng alkalde ay mai-validate ito ng ating mga mga kawani ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO).

Samantala, ipinabatid ni Mayor Chua na nagbigay rin ng tulong pinansiyal si District One Cong. Jolo

Revilla, ito ay P10,000 " at parating na ang tulong mula kay Sen. Bong Revilla at Agimat Party-list."

Nagbigay rin ng tulong si DSWD Secretary Rex Gatchalian na bukod sa dagdag na P20,000 ay namigay ng food packs sa mga biktima ng sunod sa Quadra.

"Sana ay makatulong ang financial assistance na aming inabot sa mga pamilyang naapektuhan ng sunog at makabalik na sa dating tirahan sa lalong madaling panahon," sabi ni Mayor Chua. / **GENE T. TAN**

## Amyenda sa MDT... mula sa p.1

sa malapit sa Ayungin Shoal na bahagi ng Kalayaan Group of Islands na sakop ng teritoryo sa karagatan ng Pilipinas.

Inaangkin din ang Ayungin Shoal at iba pang isla at bahura sa WPS ng China, pati ng Vietnam, Taiwan, Brunei, Indonesia at Malaysia.

Binanggit ito ni Tolentino, vice-chairman of the Senate Committee on Foreign Relations, isang araw bago ang miting ni Pres. Bongbong Marcos kay US Pres. Joe Biden.

Pag-uusapan ng dalawa ang tungkol sa MDT, Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), seguridad at ekonomya at iba pang bagay tungkol sa tensiyon sa WPS.

Binanggit ni Tolentino na linawin sa pag-uusap nina Marcos at Biden ang tungkol sa ano-anong lugar o teritoryo ng bawat bansa na ituturing na nasasakop ng 'defense pact' sa ilalim ng MDT.

Sabi ni Tolentino, mahalagang pag-uusapan at iklaro ang mga probisyon ng Mutual Defense Treaty kung mangyari na may umatake sa Pilipinas.

Ayon kay Tolentino mahalagang tulong sa Pilipinas ang magkasamang puwersa ng US at Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pagpapatrolya sa WPS.

"Malaking bagay po iyon na alam natin na andyan sila (US). So, sa halip na gumastos po tayo nang malaki para ma-improve 'yung (ating) sandatahang lakas, mayroon tayong kaalyado na handang tumulong," sabi ng senador.

Iminungkahi rin ni Tolentino na sa miting nina Marcos at Biden, dapat na humingi ang Pilipinas ng dagdag na tulong na salapi, hindi lang sa ilalim ng MDT.

Kailangang linawin din ang matatanggap na tulong pinansiyal sa ilalim ng Visiting Forces Agreement (VFA) at tulong sa mga probinsiyang may EDCA sites.

Sa miting, iminungkahi ni Tolentino na dapat ding iklaro ang iba pang tulong na maibibigay sa host LGU,



**Senator Francis TOLENTINO**

halimbawa ay pagtatayo ng eskuwelahan, o kahit maliit na ospital at iba pang tulong sa komunidad.

"Siguro dapat matulungan sa kanilang educational system, magtayo ng eskwelahan, at kung mayroong kapabilidad na magtayo ng maliliit na ospital kasi marami namang mga doktor ang sandatahang lakas ng Estados Unidos," sabi ni Tolentino.

Sa panayam, binanggit ng senador na moderno ang pakikipaggyera ngayon na ginagamitan ng aniya ay 'cyberattack.'

Gamit ang modernong digital technology, inihalimbawa ni Tolentino na sirain ang sistema ng pagbabangko ng Pilipinas.

'Cyberattack' ito na wawasak sa mga ahensiya ng gobyerno tulad ng nangyaring 'data leaks' sa National Bureau of Investigation (NBI), sabi ni Tolentino.

Dahil dito, nais ng senador na amendahan ang Article 5 ng 1951 MDT at magdagdag ng probisyon tungkol sa paano madedepensahan ang bansa laban sa cyberattack.

"If there is a cyber-attack, the banking system will be damaged. So with all critical government infrastructures—brownouts, blackouts nationwide, even telecommunications," sabi ni Tolentino.

Umaasa ang senador na maaamendahan ang maraming probisyon sa MDT para sa depensa at seguridad at ang tulong sa pagbangon ng ekonomya ng Pilipinas. / **BANTAYBALITA Central Desk**

## Strike Fire and Rescue Village binuksan na!

PORMAL nang binuksan sa publiko sa isang simpleng seremonya ang Strike Fire and Rescue Village (SFRV) sa Brgy. Molino IV na pangangasiwaan ng Bureau of Fire Protection (BFP)-Bacoor City.

Sa okasyon, sumaksi sa pasinaya si DILG Secretary Benhur Abalos, Chief BFP Fire Director Louie Puracan, at si 24/7 Mayor Strike B. Revilla, kasama si At-your-serVice Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola.

Sa Strike Fire and Rescue Village, matuturan ang Bacoreno tungkol sa mga kaalaman ukot sa public safety, rescue operation at iba pang kaalaman, abilidad at kasanayan sa panahon ng sunog, kalamidad at iba pang sakuna.

Ito ay maaring maging sentro ng ugnayang pangkomunidad at serbisyo publiko ng mga

Bacoreño.

Sabi nga sa islogan ng pamahalaang lungsod: "Sama-sama tayong mag

#StrikeAsOne para sa mas ligtas na lungsod ng Bacoor, dahil gusto natin #SaBacoorAtHome

KaDito!"

Tunay na ito ay #StrikeSaSerbisyo, #BacoorMeansBusinEASE



Ito pong ating Strike Fire and Rescue Village – the first of its kind in the whole country – was conceptualized dahil ayon na din sa datos ng ating BFP Bacoor, led by CINSIP Alma Gardose, karamihan sa mga biktima/casualties ng sunog ay mga bata, at mga nabibilang sa tinatawag na vulnerable sectors. It is high time we raise awareness on public safety to prevent unfortunate incidents from happening.

- Hon. Mayor Strike B. Revilla  
City of Bacoor

## Dr. Gomez: Milyong Pilipino... mula sa p.1

acupuncture na itinutusok sa inang parte ng katawan na naayon sa siyensiya at medisina.

Nakatutulong ang acupuncture laban sa matinding kirot sa ulo, migraine at iba pang karamdaman.

Sa mga lalaki na nakararanas ng kawalan ng sigla sa pakikipagtalik, nakatutulong din ang acupuncture,

"Lalo sa mha mayroong erectal dysfunction" sabi ni Dr. Cueto.

Hinikayat naman ni Dr. Gem Mutia ang gobyerno na suportahan ang pagsasabatas ng paggamit ng Medical cannabis, ang halamang gamot na

marijuana.

"Huwag maging negatibo ang pananaw lalo na pagdating sa marijuana. Matutulungan ito ang pagpapagaling sa milyong Pilipinong may sakit," sabi ni Dr. Cueto.

Bukod sa makagagamot, sinabi ni Doc. Atty. Olarte na magbibigay rin ng dagdag kita sa bayan kapag naging legal na ang medical cannabis.

Naging host sa Bauertek Media Health Forum ang mga batikang brodkaster na sina Rolly Lakay Gonzalo, dating presidente ng National Press Club of the Philippines, at Edwin Eusebio ng dwIZ. I Raffy Rico/BantayBalita)

## US-PH SOCIETY... from p.1

"The strengthening and deepening of relations between the US and Philippines has certainly [been] a big step forward with all the developments that have been happening," Marcos said.

He added that his meeting with Biden has been terribly useful in redefining the mutual defense treaty between the Philippines and US.

"I think has given us the opportunity to layout as you say that roadmap for the economy and for another big issue in the Philippines – climate change and all the other big issues," Marcos claimed.

Marcos said he was also pleased with the significant progress that both countries have made towards strengthening and further enhancing their security alliance. I Presidential News Desk (PND)

LETTER  
TO THE  
EDITORS

Tamaan sapul!

Sabi ng DepEd, ang role ng guro ay magturo sa 40-45 na bata nasa loob ng classroom, bakit ngayon, ang role ay tapusin ang report sa kung ano-anong link na binibigay at take note may due date.

Ang ibang guro tuloy halos alas 2 ng madaling araw ay gising pa, puyat na puyat sa kagagawa ng report sa computer, na hindi naman 'yun kasama sa tungkulin bilang guro.

At bakit, paiba-iba ang pamamalakat ng principal, sa tagal ko na sa serbisyo for 30 years, grabe lahat ng hirap at pasakit na naming mga guro sa principal na ito. Kami pa ang kailangang mag-type sa pangalang ng bata sa ID e meron namang clerk o dapat e photo shop ang gumawa, at ang role namin, sundin ang bawat utos at kapritso ni Madam Principal.

Ang form 137 na dapat nasa teacher / adviser kailangan pa /hiramin, take note borrow from guidance, para lang maisulat ang grado ng bata from quarter to quarter at ilagay ang mga PSA at ano pa mang dokumento na pinasa ng magulang at kailangfang hintayin pa namin ang exact date kung kailan di busy ang Guidance para mahiram ito at isauli agad.

Ang pagbibigay ng exam lalo na sa intermediate, na dapat

# Hinaing ng isang Public School Teacher

subject teacher na gumawa ng test, syang dapat mag administer nito, pero dahil utos ng boss, follow lang kahit labag sa kalooban.

11.30 to 12.30 na lunch break na nasa classroom, health break daw kuno, 15 minutes ka lang kakain, kasabay mga bata, 15 minutes papalinis

ng room para naman maayos sa susunod na subject teacher at sa isang oras na break, kasama na dun ang ibat ibang sumbong ng bata.

Ma'a,, alabas po kami, bibili ng pagkain... Ma'am, si Ganito, nasa a garden kakain; Ma'am. Ano, nasa 4th floor naggagala, nasa health

break ,ayos lang sa mga guro, sanay na sanay.

Pero sana makisama din ang mga namumuno, na dumaan din bilang guro.

Na pag nag comment, masama ka na at si Ma'am Principal, si Ma'am Supervisor, a, siya lang ang laging tama, at siya lamang ang g magaling.

Wala na po ba kaming

karapatang mag-comment o magsabi ng nasa isip namin at mga Boss na lamang, si Ma'am lang ang dapat na magsalita.

Vice President at aming mahal na DepEd Sec Inday Sara Duterte at Sir SDA ng Imus, Homer Mendoza, nagtatanong lang po.

Salamat sa nagbasa at

sana magbago na si Boss.

Sorry po, Boss, naglalabas lang ng sama ng loob, baka atakihin sa puso e kawawa naman ang maiiwan na mga anak at mga batang mag-aaral.

Maraming salamat po, Sir BantayBalita publisher at editor.

Isang Imus Public Teacher po.

## GOD bless us all, amen!

SANA nga ay maging ganap nang batas itong Republic Act 10868.

This bill increases the cash gift for Filipino centenarians from Php100,000 to P1 million on their birthday.

At ang masuwerteng aabot ng sandaan taon, makatatanggap ng isang sulat ng pagbati mula sa Pangulo ng Pilipinas.

At balita natin, inaprubahan na ito ng Kamara at ng Senado, very good po, ating mga mambabatas.

Sa totoo lang, yang Php100K cash gift ay maliit kasi, kung tutuusin, bale, Php1,000 lang ito sa bawat kaarawan ng isang senior, e kulang pang pambili ng gamot.

Pero sana po, dagdag na amenda sa batas ay mabigyan agad ng cash gift halimbawa, Php 20,000 o higit pa ang isang sumapit sa 80 anyos, lalo na at bihira na ngayon ang umaabot nang higit sa edad na ito.

At ang isang may edad na 100 taon, paano kung pagkatanggap ng cash gift biglang kinuha ni Lord, paano niya

mapapakinabangan ang biyayang ito.

Sabi nga ni Sen. Imee Marcos, e paano pa ang horse kung dead na ito, hahaha, e di kambing ang kakain ng damo.

Eniwey, sana po, mangyaring pagsapit ng 80, makatanggap na ng cash gift ang isang Pinoy senior.

Isingit ko lang po ang aking pasasalamat sa mga taong sa aking panahon ng paglalambing ay to the rescue agad sa inyong kolumnista -- Madam Franz Orlain, Bossing Vangie Mitton, our first Lady president of National Press Club (NPC), madam Lydia Bueno, Sir Louie G. Rolle, Raymond Eguillos, Mary Lou Loraya'

Barangay Chairlady Maria Lourdes San Andres, Malou Garcia Zamora, Atty. Jem Sy, Aya Samson; siyempre si GenTri City Mayor Jon Jon Ferrer and Vice Mayor Jonas Labuguen, ating BantayBalita publisher, Sir Domz B. Caoie;

Sir Thom delos Santos, Marilao, Bulacan Mayor Henry Lutao, Pastora Susana Costales, pangulo ng Harmony Hills 111 HoA

Loma de Gato, Marilao, Bulacan at ang aming Consultant-Media Guri, sir Kuya Eli Catipon Ramos Taparan na matiyagang ine-encode ang aking kolum na ipinadadala via messenger.

Sa inyo po, maraming-maraming salamat at ang Amang Diyos po ang magbabalik sa inyong kagandahang loob sa akin.

At siyanga pala, maraming thank you po sa NPC Board of Directors dahil natanggap ko na ang aking NPC lifetime membership card 2024.

Valid po ang aking BantayBalita ID kaya masayang-masaya ako, mga Sir, madam, mga bossing.

@@@

KANINA habang inaantay ko na dalawin ako ng antok, naalaala ko ang dalawa kong anak -- si Francisco, si Joselito -- na kapwa wala na sa piling ko at ng kanilang pamilya.

Wala na nga ba sila, sa kamatayan na nina Francis at ni Lito, ganap na nga na, tapos na na "buhay" nila?

Sinasabi sa Biblia, ang bayad sa kasalanan ay kamatayan, at dahil wala

sinoman sa atin ang walang kasalanan, lahat tayo -- sa takdang panahon, maaaring sa natural na dahilan o dahil sa aksidente, trahedya o kagagawan ng tao -- ay mamatay.

Sinasabi na sa pagbabalik sa lupa ng ating katawan, ang ating espirtu naman ay patuloy na nabubuhay sa piling ng ating Amang Diyos.

Sa kamatayan, ang mapapalad na kabilang sa mga tupa ng ating Panginoong JesuCristo ay magkakamit ng buhay na walang hanggan, pero ang kabilang sa kawan ng mga kambing ay habambuhay na parurusahan sa apoy (Mateo 25:45).

Ibig sabihin, hindi katapusan ang Kamatayan, kungdi simula pa lamang ito ng panibagong buhay na maaaring Paraiso o Impyerno ang tutunguhin ng bawat isa, ayon sa hatol sa ating mga ginawa habang nasa mundong ito.

Dapat bang katakutan ang Kamatayan, hindi iyon ang nais ng Lumikha sa atin kaya nga kung tayo ay sasampalataya sa katawan at dugo ng Panginoong JesuCristo, sa muling pagkabuhay, at kung kasama tayo sa tinubos sa kasalanan, sa bagong Jerusalem tayo manirahan, duon ay wala nang luha, hapis at karamdaman.

Ayon sa Biblia: Paraiso o Impyerno ang destinasyon ng bawat tao: Buhay na



### Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

walang hanggan sa kaharian sa piling ni Cristo ang gantimpala sa mabubuti, pero sa masasama, sa ikalawang pagkabuhay, mabubulid siya sa pagdurusa sa dagat-dagatang apoy nang walang hanggan.

Hindi nasisiyahan sa kamatayan ng masasama ang Amang Diyos (Ezekiel. 33:11) kaya nga kailangang matubos tayo sa kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng ating Panginoong JesuCristo.

Our GOD is a loving Father who doesn't want anyone to perish. "As I live," declares the Sovereign Lord, "I have no pleasure in the death of the wicked" (Ez. 33:11).

Kung ang isang tao ay kinikilala ang Panginoong Jesus, sumusunod sa mga utos ng ating Ama, hindi man perpekto at laging nagkakasala, kapatawaran sa kasalanan ay naghihintay sa kanya.

GOD bless us all, amen!

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF A DECEASED PERSON: EUGENIO M. RUBIN

NOTICE is hereby given that the estate of EUGENIO M. RUBIN who died on November 14, 2021 at Long Island Jewish Hospital Valley Stream, Nassau, New York U.S.A. left a parcel of land situated in the Brgy. Of Salitran, City of Dasmariñas covered by transfer certificate of title No. 057-2012006766 Extra Judicially Settled among the legal heirs, executed before notary Public Atty. Jasper C. Sales, Under Doc. No. 104 Page No. 22 Book No. 13 Series of 2023

BANTAYBALITA News Publishing Services  
MAY 1, 8 & 15, 2023

## BANTAY BALITA

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!

Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services

Block 2, Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite  
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com

Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE

Publisher: DOMZ B. CAOILE

Editorial Consultant: ELI TAPARAN II

Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA

Copy Editor: LUKAS DA SILVA

Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN

Contributing Writers: LOD BELTRAN

NOLI LIWANAG

ED 'MUTO' G. CUENCA

JOJO SICAT

Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalawsa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihyang ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

member  
Papi

PUBLISHERS ASSOCIATION  
OF THE PHILIPPINES INC.

## Saklolo, gov., mayor: Wala kaming tubig!

MADALAS waterless, pero patuloy ang water rate increase ng dalawang concessionaire ng Waterworks and Sewerage System (MWSS, dating National Water and Sewerage System, Nawasa).

Panay lang paaala na magtipid ang Maynilad at Manila Water sa kanilang customer, pero ano ang ititipid kung walang tubig sa gripo, at kung mayroon man, patak-patak at madalas sa gabi ang daloy ng tubig.

Maraming napupuyat sa pagkainis sa matiyagang pag-iipon ng tubig na ayon sa Article III (National Economy Patrimony) Section 2 ng 1987 Constitution. "mandates that all water resources are owned by the State and shall not be alienated."

Tuwing tag-ulan, maraming namamatay sa pagkalunod sa baha na noong panahon ni dating Presidente Ferdinand Marcos Sr. ay inoobliga ang bawat rehiyon, lalawigan o lokalidad na magtayo ng small water impounding management (SWIM).

Sa SWIM, maglalaan ang lokal na gobyerno ng kayang lawak ng lupa na gagawing water reservoir o munting dam o lawa na doon iipunin ang tubig ulan.

Kahit magiong matindi pa ang El Nino phenomenon, may magagamit na tubig kung kapusin ang supply mula sa mga local water district.

Nasa peligro ang food security program ni Pres. Ferdinand Marcos Jr. dahil kakapusin ang tubig irigasyon at paano palalakihin ang ani sa bukirin, palaisdaan, livestock at iba pa, kung walang tubig.

Sa tindi ng mahigit sa 40 degree heat index sa Metro Manila at sa maraming lalawigan, nakiusap si Jose Dorado Jr. deputy admin ng MWSS sa LGUS na magpasa ng orinansa na pansamantala munang ibawal ang madalas na car wash at pagliligo ng mga bata na gamit ang inflatable swimming pool.

Ang pagbawalan mo, Sir Dorado ay yung may mansion na maya malalaking swimming pool, ang mga golf clubs na malakas gumamit ng tubig.

Mas mabuting pagsabihan ng MWSS ang Manila Water at Maynilad na mula nang gawing concessionaire ay taon-taon nagtataas ng singil sa tubig.

1995 nang ibigay sa Maynilad at Manila Water ang production at distribution ng tubig at sa

loob ng 10 taon, mula Agosto 1997-2007 umabot sa 357.6% itinaas ng singil ng Maynilad at 414% naman sa Manila Water.

Sa kasunduan, pinapayagan ng gobyerno (MWSS) na taon-taon kung kailangan, mag-increase ng singil sa kunsumo ng tubig at



**MY CUP OF COFFEE**

by Henry E. CAOILE

nangyari, bilyon-bilyong piso ang kinita ng Maynilad at Manila Water, na sana, naipasok sa kaban ng pamahalaan.

Nai-privatized ang water service dahil nagkautang ang MWSS ng \$307 million noong 1995, na dito \$204 milyon ang nautang sa World Bank at Asian Development Bank (ADB).

Para raw maisalba ang operasyon ng MWSS, iniutos ni Pres. Fidel Ramos, ayon sa National Water Crisis Act of 1995 nakuha ng Maynilad ang west zone at east zone ng Metro Manila sa Manila Water.

Sa kontrata, aakuin ng Lopez owned Ben Press Holding ang west zone -- na hawak ngayon ni Manny V. Pangilinan-- ang 90% ng utang at 10% naman ng Manila Water ng pamilya Ayala.

Tamang desisyon daw ito, sabi ni Ramos na sigurado sa publiko, mababa ang water rates na hindi nangyari.

Kasi, ang daming nakatagong sistema sa kasunduan na malaya ang dalawang concessionaire na bawiin ang lahat ng gastos sa operasyon, distribusyon sa sistemang Rate Rebasing, at dagdag dito, kapag humina ang piso kontra dolyar, babawiin ang "nalugi" sa palitan sa ginawang oreign currency differential adjustments (FCDA) at accelerated extraordinary price adjustment (AEPA).

At dagdag na perwisyo ang dagdag na P1 per cubic meter para raw sa currency exchange rate adjustment (CERA) m at alam nyo ba, kapag nasira ang tubo ng

tubig na noong pang World War II naikabit ang nasayang na bulwak ng tubig, ang consumer ang nagbabayad.

Kung may mga bahay, kompanya na nagnanakaw ng tubig, sinisingil ito sa publiko sa tinatawag na "non-revenue water."

Nagbabayad pa ang consumer ng sanitation fee at sa sewerage dahil daw sa inaayos ang mga imburnal, nagtayo sila ng water treatment facilities at iba pang makinarya para raw maging potable ang tubig nila.

E hindi naman derestong maiinom ang tubig mula sa gripo ng Maynilad at Manila Water.

Onerous ang kontrata kaya ipinatigil ng MWSS ang otomatikong water rate increase kaya nagdemanda sa arbitration court sa Singapore ang Maynilad at Manila Water -- at natalo ang gobyerno kaya naniningil ang Manila Water ng Php7.4 bilyon at ang Maynilad ng Php3.6 bilyon.

Nag-alburoto si dating Presidente Rodrigo Duterte at binataang kakasuhan ng economic sabotage at babawiin ang concession agreement, kasunod ang umaatikabong put%\$#@! kina MVP at Ayala.

Alam nyo bang gumastos ang MWSS ng \$400,000 noong 1999-2000 at dagdag na P230 milyon sa mga kasong isinampa ng Maynilad at Manila Water sa ating korte at sa arbitration court sa Singapore.

Sa takot sa bantang ipakukulong, tumiklop si MVP at Ayala na hindi na raw maniningil at payag ding baguhin ang concession agreement sa MWSS.

Kung ano ang nangyari sa onerous contract ng MWSS, Maynila at Manila Water, walang balita ngayon ang publiko, samantala, panay ang iyak, hinaggis ng mga consumer: walang tubig!

Sa maraming bayan at siyudad sa Cavite, nakikiiusap ang mga mamamayan sa kanilang mayor at kay Gov. JonVic Remulla na sana gawan ng aksyon ang very poor service ng Maynilad.

Water is a human right, sabi nga, at hindi ito maaaring ipagkait sa taumbayan at dapat na kastiguhin ang Maynilad sa palpang nitong serbisyo sa mamamayang Cavitenyo.

Inirereklamo rin nila ang palpang na serbisyo ng Prime Water na kumuha sa operasyon ng local water district na kapos rin sa tubig, lagi ring tumataas ang water rates.

Ilang netizen ang nagreklamo na kaya raw tahimik at hindi umaaksiyon ang ilang LGUs kasi raw,

**Sundan sa pahina 11**



## INC enhances weekly TV show to cope with 'fast-changing' media

INC Chronicles, a weekly television feature-documentary focusing on the rich history and community-building efforts of the Iglesia Ni Cristo's local congregations, has recently undergone tech-driven enhancements to make the show "more visually engaging in today's fast-changing media landscape."

With sharper cinematography, spruced up digital graphics, and creative animation, the re-envisioned program aims to better connect with today's younger audiences and those yet unfamiliar with the Church's storied beginnings, the INC said in a statement.

IGLESIA NI CRISTO AFFAIR. Iglesia Ni Cristo museum director Cornelio Cortez (right) delivers his remarks during the

relaunch of the INC Chronicles Special Screening on Friday.

INC Chronicles' new visually compelling episodes highlight the struggles, lessons, and timeless Christian values that marked the Iglesia Ni Cristo's formative years in various communities around the Philippines and abroad, the religious denomination added.

The program seeks to create a deeper appreciation for the Church's history and how its spiritual and humanitarian activities have been helping drive community growth and empowerment for over a century.

INC Chronicles is broadcast every Thursday at 3:30 p.m. on INCTV, with reruns every Thursday at 8:30 p.m. and

Sunday at 10:00 p.m. It is a co-production of the Christian Era Broadcasting Service International Inc. (CEBSI Inc.), the religious media arm of the INC and the INC Museum.

In an interview, INC museum director, Cornelio Cortez, emphasized the value of chronicling the story of the INC and expressed gratitude for the Church's continued growth. "The hand of God is present during all those decades. We are thankful," he stated.

According to Cortez, the INC's dedication to preserving its history and cultural heritage is also reflected in the INC Museum which houses over 17,000 protected catalog items inside temperature-controlled and humidity-monitored rooms.

## 14th month pay sa manggagawang Filipino

TATLONG panukalang batas na hangad na mapagaang ang buhay ng manggagawang Filipino ang inihain ni Kabayan Party-list Rep. Ron Salo nitong nakaraang pagdiriwang ng Labor Day.

Sa panukala ni Rep. Salo, kinilala niya ang di-mapapantayang serbisyo ng manggawa kaya nananatiling matatag ang ekonomya ng bansa.

Aniya, siya at ang kanyang Kabayan Party-list ay nagpapasalamat sa malaking serbisyo ng obrero at karaniwang kawani sa mga opisina at mga kompanyang publiko at pribado.

"We stand with our Filipino workers in the fight for fair and just working conditions," sabi ni Rep. Salo, chairman ng House Committee on Overseas Workers Affairs ngayong 19th Congress.

Sa inihang House Bill

(HH) no. 525, nais ni Rep. Salo na itaas sa P750 ang minimum wage sa buong bansa.

Aniya, ito ay makatutulong upang mabuhay nang disente ang obrerong Filipino.

Bukod sa pagtataas ng arawang sahod, bilang pagkilala sa dedikasyon sa trabaho, nais ni Rep. Salo na maging batas ang pagkakaloob ng 14th month pay sa manggagawa.

"By providing them with a 14th month pay, this will not only boost their morale but also provide them with additional funds to cover their needs," sabi ni Rep. Salo.

Dahil dito, iniharap niya ang HB No.520 na layuning mabigyan ng 14th month pay ang lahat ng kawani sa gobyerno at sa pribadong sektor, at ibibigay ito nang hindi na uuriin ang klase o



**Rep. Ron Salo**

kalagayan sa trabaho.

